# Ang Iglesya

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang pinakanakatutuwang bagay na ginawa mo kasama ang iyong mga kaibigan nitong nakaraang linggo?
- Ibahagi ang pinaka hindi mo malilimutang kasal na dinaluhan. Ano ang nagustuhan mo sa kasalan na ito?
- Sino ang itinuturing mo na pinakamalalapit na mga kaibigan? Bakit mo sila napili?

**WORD**

*[19]Kaya kayong mga hindi Judio ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kaisa na ng mga pinabanal at kabilang sa pamilya ng Diyos. [20]Tayong mga mananampalataya ay katulad ng gusali na ang mga haligi ay ang mga apostol at mga propeta, at ang pundasyon ay si Cristo Jesus. [21]Sa pamamagitan ni Cristo, ang lahat ng bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang Banal na Templo ng Panginoon.* **MGA TAGA-EFESO 2:19-21**

---

Bilang mga Kristiyano, tayo ay naniniwala sa "banal na simbahang katoliko" at sa "samahan ng mga banal," gaya ng nakasulat sa Apostle's Creed. Ang iglesya ay hindi isang gusali o lugar lamang kung saan maaaring pumunta ng isa o dalawang beses sa isang linggo. Ito ay pangkalahatang katawan ni Cristo ("katoliko") at samahan ng mga tao. Sa araling ito, ating titingnan ang tatlong katotohanan tungkol sa iglesya.

## 1 Si Jesus ang nagtayo ng Kanyang iglesya.

*"At ngayon sinasabi ko sa inyo na ikaw si Pedro, at sa batong ito, itatayo ko ang aking iglesya, at hindi ito malulupig kahit ng kapangyarihan ng kamatayan."* **MATEO 16:18**

Sa dami ng paniniwala ng mga tao tungkol sa iglesya, mahalagang malaman ang katotohanan na si Jesus ang nagtayo at tanging pundasyon ng iglesya. Ang iglesya ay nakatayo kay Cristo, at hindi sa mga personalidad, tradisyon, o anupamang mga gawain. Ano ang ipinangako ni Jesus para sa iglesya? (Mateo 16:18)

..................................................

..................................................

..................................................

..................................................

## 2 Ang iglesya ang katawan ni Cristo.

*Kayong lahat ang bumubuo ng katawan ni Cristo, at ang bawat isa'y parte ng kanyang katawan.* **1 CORINTO 12:27**

Ang iglesya ay isang samahan ng mga mananampalataya na nagpapalakas ng loob at nagpapatatag ng isa't-isa. Bilang mga miyembro ng katawan ni Cristo, tayo ay may mahalagang tungkulin na dapat gampanan. Binigyan tayo ng Diyos ng iba't-ibang kaloob upang tayo ay magbunga sa ating mga lokal na iglesya. Ano ang ilan sa mga kaloob na ibinigay ng Diyos sa atin sa iglesya? (1 Corinto 12:27-31)

## 3 Ang iglesya ang pakakasalan ni Cristo.

*Magalak tayo at magsaya, at purihin natin siya. Sapagkat dumating na ang oras ng kasal ng Tupa, at nakahanda na ang kanyang nobya.* **PAHAYAG 19:7**

Ang iglesya ay inilarawan bilang isang nobya, nagliliwanag, walang kapintasan, banal at walang kasalanan (Mga Taga-Efeso 5:27). Bilang isang ipapakasal kay Cristo, ang iglesya ay inilaan para sa Kanya. Si Cristo ay patuloy na lumalapit, nag-aalaga, at naghahangad ng kabutihan natin, ang Kanyang pinakamamahal. Ang uri ng pagmamahal na ibinibigay sa atin ni Jesus ay ang pinaka-dakilang uri ng pag-ibig—minahal Niya tayo ng walang anumang kondisyon at inialay Niya ang Kanyang sarili para sa atin. Paano naghahanda ang ipapakasal kay Cristo para sa Kanya?

## APPLICATION

- Ikaw ba ay bahagi ng iglesya? Sino ang tumutulong sa paglago ng iyong espirituwal na buhay? Sino ang tinutulungan mo na maging mas malapit sa Diyos?
- Ano o sino ang madalas mong nilalapitan para sa iyong kasiguraduhan at katiwasayan? Paano mo magagawang mas maniwala kay Jesus at umasa sa Kanya lamang?
- Anong bahagi ang iyong ginagampanan bilang miyembro ng katawan ni Cristo? Ano sa iyong palagay ang maaari mo pang gawin upang makapaglingkod?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil sa iglesya, at hindi ito malulupig kahit ng kapangyarihan ng kamatayan.
- Ipanalangin ang iyong lokal na iglesya, mga pastor, at mga pinuno.
- Ipanalangin na ang ating iglesya ay maging pagpapala sa komunidad at na tayo ay patuloy na mapalapit sa mga taong naliligaw ng landas.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph